PAHAYAG SA PHNOM PENH TUNGKOL SA PAGPAPATIBAY NG DEKLARASYON NG ASEAN KAUGNAY NG MGA KARAPATANG PANTAO

Kami, mga Puno ng Bansa/Pamahalaan ng mga Bansang Kaanib ng Association of Southeast Asian Nations (ASEAN), sa pagdiriwang ng ika-21 ASEAN Summit sa Phnom Penh, Cambodia;

NA MULING NANININDIGAN sa pangako ng ASEAN para sa pagtataguyod at pangangalaga ng mga karapatang pantao at mga pangunahing kalayaan gayundin ng mga layunin at mga simulain na nakasaad sa Karta ng ASEAN, kabilang ang mga simulain ng demokrasya, pangingibabaw ng batas at mabuting pamamahala;

NA INUULIT ang pangako ng ASEAN at ng mga Bansang Kaanib nito sa Karta ng Nagkakaisang Bansa (UN), sa Unibersal na Deklarasyon ng mga Karapatang Pantao, sa Deklarasyon at Programa ng Gawain sa Vienna, at sa iba pang mga pandaigdigang kasulatan para sa mga karapatang pantao, na kinasasapian ng mga Bansang Kaanib ng ASEAN gayundin sa mga kaugnay na deklarasyon at mga kasulatan ng ASEAN hinggil sa mga karapatang pantao;

AY KUMIKILALA sa kahalagahan ng papel na ginagampanan ng ASEAN Intergovernmental Commisssion on Human Rights (AICHR), bilang pangunahing institusyon na may tungkuling magtaguyod at mangalaga ng mga karapatang pantao sa ASEAN, na tumutulong sa pagbuo ng makataong Komunidad ng ASEAN at bilang behikulo para sa progresibong kaunlarang panlipunan at katarungan, sa pagtatamo ng dignidad ng tao at sa pagtatamo ng isang mas mataas na kalidad ng pamumuhay para sa mga mamamayan ng ASEAN;

AY PUMUPURI sa AICHR dahil sa pagbuo ng isang komprehensibong deklarasyon ng mga karapatang pantao, sa pagkonsulta sa mga Ahensiyang Sektoral ng ASEAN at iba pang mga kaugnay na stakeholder;

AY KUMIKILALA sa makabuluhang ambag ng mga Ahensiyang Sektoral ng ASEAN at iba pang mga kaugnay na stakeholder sa pagtataguyod at pangangalaga ng mga karapatang pantao sa ASEAN, at hinihikayat ang kanilang patuluyang pakikipag-ugnay at pakikipagdiyalogo sa AICHR;

SA PAMAMAGITAN NITO AY AMING:

1. PINAGTITIBAY ang Deklarasyon ng ASEAN Kaugnay ng mga Karapatang Pantao (AHRD);
2. PINANININDIGAN ang aming pangako para sa ganap na implementasyon ng AHRD upang maisulong ang pagtataguyod at pangangalaga ng mga karapatang pantao sa rehiyon; at
3. MULING PINANININDIGAN PA rin ang aming pangako na tiyaking ang implementasyon ng AHRD ay alinsunod sa aming pangako sa Karta ng Nagkakaisang Bansa (UN), sa Unibersal na Deklarasyon ng mga Karapatang Pantao, sa Deklarasyon

sa Vienna at Programa ng Gawain, at iba pang mga pandaigdigang kasulatan para sa karapatang pantao na kinasasapian ng mga Bansang Kaanib ng ASEAN, gayundin ng mga kaugnay na deklarasyon at kasulatan ng ASEAN hinggil sa mga karapatang pantao.

GINAWA sa Phnom Penh, Kaharian of Cambodia, ngayong Ikalabingwalo ng Nobyembre sa Taong Dalawang Libo at Labindalawa, sa iisang orihinal na kopya sa wikang Ingles.

Para sa Brunei Darussalam:

HAJI HASSANAL BOLKIAH
Sultan ng Brunei Darussalam

Para sa Kaharian ng Cambodia:

SAMDECH AKKA MOHA SENA PADEI TECHO HUN SEN
Punong Ministro

Para sa Republika ng Indonesia:

SUSILO BAMBANG YUDHOYONO
Pangulo

Para sa Demokratikong Republika ng mga Mamamayan ng Lao:

THONGSING THAMMAVONG
Punong Ministro

Para sa Malaysia:

DATO' SRI MOHD NAJIB TUN ABDUL RAZAK
Punong Ministro

Para sa Republika ng Unyon ng Myanmar:

U THEIN SEIN
Pangulo

Para sa Republika ng Filipinas:

BENIGNO S. AQUINO III
Pangulo

Para sa Republika ng Singapore:

LEE HSIEN LOONG
Punong Ministro

Para sa Kaharian ng Thailand:

YINGLUCK SHINAWATRA
Punong Ministro

Para sa Sosyalistang Republika ng Viet Nam:

NGUYEN TAN DUNG
Punong Ministro

DEKLARASYON NG ASEAN KAUGNAY NG MGA KARAPATANG PANTAO

Kami, mga Puno ng Bansa/Pamahalaan ng mga Bansang Kaanib sa Association of Southeast Asian Nations (na dito'y tinutukoy bilang "ASEAN"), na kinabibilangan ng Brunei Darussalam, ng Kaharian ng Cambodia, ng Republika ng Indonesia, ng Demokratikong Republika ng mga Mamamayan ng Lao, ng Malaysia, ng Republika ng Unyon ng Myanmar, ng Republika ng Filipinas, ng Republika ng Singapore, ng Kaharian ng Thailand at ng Sosyalistang Republika ng Viet Nam, sa pagdaraos ng ika-21 ASEAN Summit sa Phnom Penh, Cambodia,

NA MULING NANININDIGAN SA aming patuloy na pagsunod para sa mga layunin at simulain ng ASEAN gaya ng isinasaad sa Karta ng ASEAN, lalo na ang paggalang sa at pagtataguyod at pangangalaga sa mga karapatang pantao at sa mga pangunahing kalayaan, gayundin sa mga simulain ng demokrasya, pananaig ng batas at mabuting pamamahala;

NA MULING NANININDIGAN PA RIN sa aming pangako sa Unibersal na Deklarasyon ng mga Karapatang Pantao, sa Karta ng United Nations, sa Deklarasyon sa Vienna at Programa ng Pagkilos, at sa iba pang mga kasulatan para sa pandaigdigang karapatang pantao na kinasasapian ng mga Bansang Kaanib ng ASEAN;

NA MULING NANININDIGAN DIN sa kahalagahan ng pagsisikap ng ASEAN sa pagpapalaganap ng karapatang pantao, kabilang ang Deklarasyon sa Pagsulong ng Kababaihan sa Rehiyong ASEAN at ang Deklarasyon sa Pagsugpo sa Karahasan laban sa Kababaihan sa Rehiyong ASEAN;

NANINIWALA na ang Deklarasyong ito ay makatutulong sa pagbuo ng isang plano tungo sa kooperasyon para sa karapatang pantao sa rehiyon at makapag-aambag sa proseso ng pagbubuo ng pamayanang ASEAN;

KAYA SA PAMAMAGITAN NITO AY IPINAHAHAYAG ANG GANITO:

MGA PANGKALAHATANG SIMULAIN

1. Lahat ng tao ay isinilang na malaya at pantay sa dignidad at mga karapatan. Biniyayaan sila ng katuwiran at konsiyeniya at dapat magtulungan sa diwa ng sangkatauhan.
2. Bawat tao ay maaaring magtamasa ng mga karapatan at kalayaang itinakda rito, nang walang pagtatangi sa anuman, gaya ng lahi, kasarian, edad, wika, relihiyon, saloobing pampolitika o iba pa, pinagmulang bansa o lipunan, katayuang pangkabuhayan, kapanganakan, kapansanan o iba pang katayuan.
3. Bawat tao ay may karapatang makilala bilang siya, saanmang lugar, nang naaayon sa batas. Bawat tao ay pantay sa ilalim ng batas. Bawat tao ay may karapatan sa pantay na proteksiyon ng batas nang walang pagtatangi.
4. Ang mga karapatan ng mga bata, matatanda, mga may kapansanan, mga migranteng manggagawa, at mga grupong hindi gaanong napagtutuunan ng pansin ay likas,

mahalaga at di mabubuwag na bahagi ng mga karapatang pantao at mga pangunahing kalayaan.

5. Bawat tao ay may karapatan sa epektibo at maipatutupad na solusyon, na pagpapasiyahan ng isang hukuman o ibang may kakayahang awtoridad, sa mga gawaing lumalabag sa mga karapatang ipinagkakaloob sa kaniya ng konstitusyon o ng batas.
6. Ang pagtatamasa ng mga karapatang pantao at mga pangunahing kalayaan ay dapat na may kaakibat na pagtupad sa mga tungkulin sapagkat bawat tao ay may mga responsibilidad sa lahat ng iba pang indibidwal, sa pamayanan at sa lipunang kaniyang kinabibilangan. Pangunahing responsibilidad ng lahat ng Bansang Kaanib ng ASEAN na itaguyod at pangalagaan ang lahat ng karapatang pantao at mga pangunahing kalayaan.
7. Lahat ng karapatang pantao ay unibersal, di mabubuwag at magkakaugnay. Lahat ng karapatang pantao at mga pangunahing kalayaan sa Deklarasyong ito ay dapat tingnan sa makatuwiran at pantay na paraan, at sa magkaparehong pagpapahalaga. Gayundin naman, ang pagsasakatuparan sa mga karapatang pantao ay dapat isaalang-alang sa kontekstong panrehiyon at pambansa na binibigyang-pansin ang magkakaibang saligang pampolitika, pangkabuhayan, pambatas, panlipunan, pangkultura, pangkasaysayan at panrelihiyon.
8. Ang mga karapatang pantao at mga pangunahing kalayaan ng bawat tao ay matatamasa ng may paggalang sa mga karapatang pantao at pangunahing kalayaan ng iba. Ang pagtatamasa ng mga karapatag pantao at mga pangunahing kalayaan ay sasailalim sa mga limitasyong pagpapasiyahan ng batas para lamang sa layuning matamo ang angkop na pagkilala para sa mga karapatang pantao at mga pangunahing kalayaan ng iba, at upang mtugunan ang mga makatarungang pangangailangan ng pambansang seguridad; kaayusan, kalusugan, kaligtasan, kabutihan ng publiko, gayundin ang pangkalahatang kapakanan ng mga mamamayan sa isang demokratikong lipunan.
9. Sa pagtatamasa ng mga karapatang pantao at mga kalayaang nakasaad sa Deklarasyong ito, dapat na laging pagtibayin ang mga simulain ng walang pagkiling, walang pamimili, walang deskriminasyon, walang komprontasyon at pag-iwas sa double standards at pamumulitika. Ang proseso ng gayong katuparan ay dapat na magsaalang-alang sa partisipasyon ng mga tao, pakikilahok at pangangailangan ng pananagutan.

MGA KARAPATANG SIBIL AT POLITIKAL

10. Pinaninindigan ng mga Bansang Kaanib ng ASEAN ang lahat ng karapatang sibil at politikal sa Unibersal na Deklarasyon ng mga Karapatang Pantao. Sa tuwiran, pinaninindigan ng mga Bansang Kaanib ng ASEAN ang sumusunod na mga karapatan at mga pangunahing kalayaan:
11. Bawat tao ay may likas na karapatang mabuhay na pangangalagaan ng batas. Walang sinumang tao ang pagkakaitang mabuhay nang naaayon sa batas.

12. Bawat tao ay may karapatan sa personal na kalayaan at kaligtasan. Walang sinuman ang maaaring sumailalim sa di makatuwirang pag-aresto, paghahalughog, pagkakulong, pagdukot o anumang anyo ng pag-aalis ng kalayaan.
13. Walang sinuman ang maaaring alipinin sa anumang paraan, o sumailalim sa human smuggling o trafficking kabilang na ang para sa pagpupuslit ng mga bahagi ng katawan ng tao.
14. Walang sinuman ang maaaring pagmalupitan, o tratuhin nang hindi makatao o laitin o parusahan.
15. Bawat tao ay may karapatan sa malayang pagkilos at paninirahan sa hanggahan ng bawat Bansa. Bawat tao ay may karapatang lisanin ang alinmang bansa kabilang ang kanyang sariling bansa at bumalik dito.
16. Bawat tao ay may karapatang humiling at tumanggap ng asylum sa ibang Bansa alinsunod sa mga batas ng Bansang pinili at ipinatutupad na mga pandaigdigang kasunduan.
17. Bawat tao ay may karapatang magmay-ari, magbili at magbigay ng ari-ariang naipundar niya o niya at ng kanyang mga kasamahan. Walang sinuman ang maaaring pagkaitan ng gayong ari-arian.
18. Bawat tao ay may karapatan sa isang nasyonalidad ayon sa itinatakda ng batas. Walang sinuman ang maaaring pagkaitan ng gayong nasyonalidad o pagkaitan ng karapatang magpalit ng kanyang nasyonalidad.
19. Ang pamilya bilang likas at pangunahing yunit ng lipunan ay may karapatan sa pangangalaga ng lipunan at ng bawat Bansang Kaanib ng ASEAN. Ang mga lalaki at babaeng nasa hustong gulang ay may karapatang magpakasal ayon sa kanilang malaya at ganap na pahintulot, bumuo ng isang pamilya o makipaghiwalay alinsunod sa itinatakda ng batas.
20. (1) Bawat taong nasasakdal sa kasong kriminal ay ipinalalagay na inosente hangga't hindi napapatunayang nagkasala sa batas, sa makatarungan at publikong paglilitis, ng isang hukumang may kakayahan, malaya at walang kinikilingan, na ang akusado ay tinitiyak na may karapatang ipagtanggol ang sarili.

    (2) Walang sinuman ang maaaring hatulang nagkasala sa anumang krimen dahil sa paggawa o hindi paggawa ng hindi naman kasong kiminal, sa ilalim ng pambansa o pandaigdigang batas, sa panahong ginawa iyon, at walang sinuman ang dapat parusahan sa isang pagkakamali nang higit sa itinatakda ng batas noong panahong maganap ang krimen.

    (3) Walang sinuman ang dapat litisin o parusahang muli sa kasalanang pinagdusahan na niya o napawalang-asala na siya alinsunod sa batas at pamamaraan ng pagpaparusa ng bawat Bansang Kaanib ng ASEAN.

21. Bawat tao ay may karapatang tumanggi sa di makatuwirang pakikialam sa kanyang pribadong buhay, pamilya, tahanan o pakikipagtalastasan kabilang ang kanyang datos na personal, o paglapastangan sa kanyang dangal at reputasyon. Bawat tao ay may karapatan sa pangangalaga ng batas laban sa gayong pakikialam o paninira.

22. Bawat tao ay may karapatan sa kalayaan ng isip, konsiyensiya at relihiyon. Dapat sugpuin ang lahat ng anyo ng kawalang pagpaparaya, diskriminasyon at pang-uudyok upang magalit dahil sa relihiyon at paniniwala.

23. Bawat tao ay may karapatan sa kalayaan ng opinyon at pagpapahayag, kabilang ang kalayaang magbigay ng opinyon nang walang pakikialam at humingi, tumanggap at magbahagi ng impormasyon, sa paraang pasalita, o pasulat man o sa pamamagitan ng anumang ibang paraang naisin ng taong iyon.

24. Bawat tao ay may karapatan sa kalayaan sa mapayapang pagtitipon.

25. (1) Bawat tao na mamamayan ng kanyang bansa ay may karapatang makibahagi sa pamahalaan ng kaniyang bansa, nang tuwiran man o hindi tuwiran, sa pamamagitan ng mga halal na kinatawan, alinsunod sa mga batas ng bansa.

(2) Bawat mamamayan ay may karapatang bumoto sa mga pana-panahon at makatotohanang halalan, na dapat ay sa pamamagitan ng unibersal at pantay na karapatang bumoto at sa pamamagitan ng balota, tumitiyak sa malayang pagpapahayag ng kagustuhan ng mga botante, alinsunod sa batas ng bansa.

MGA KARAPATANG PANGKABUHAYAN, PANLIPUNAN AT PANGKULTURA

26. Pinaninindigan ng mga Bansang Kaanib ng ASEAN ang lahat ng karapatang pangkabuhayan, panlipunan at pangkultura sa Unibersal na Deklarasyon ng mga Karapatang Pantao. Pinaninindigan ng mga Bansang Kaanib ng ASEAN ang sumusunod:

27. (1) Bawat tao ay may karapatan sa pagtatrabaho, sa malayang pagpili ng trabaho, magtamasa ng makatuwiran, disente at maaliwalas na kalagayan ng pagtatrabaho at magkaroon ng karapatan sa mga panukalang tulong para sa mga walang trabaho.

(2) Bawat tao ay may karapatang magtayo ng mga unyon sa paggawa at sumapi sa kanyang mapipiling unyon sa paggawa para sa proteksiyon ng kanyang mga karapatan alinsunod sa mga batas at patakaran ng bansa.

(3) Walang bata o sinumang wala pa sa wastong gulang ang dapat mapailalim sa pagsasamantalang pangkabuhayan at panlipunan. Dapat parusahan ng batas ang mga nag-eempleo ng mga bata at wala pa sa hustong gulang sa mga gawaing makapipinsala sa kanilang kagandahang-asal o kalusugan, mapanganib sa buhay, o makahahadlang sa kanilang normal na paglaki, kabilang ang kanilang edukasyon. Dapat ipagbawal at parusahan ng batas ang magpapatrabaho sa mga batang mas mababa ang edad sa itinakda ng mga Bansang Kaanib ng ASEAN.

28. Bawat tao ay may karapatan sa sapat na pamantayan ng pamumuhay para sa kaniyang sarili at kaniyang pamilya kabilang ang:

a. Karapatan sa sapat at abot-kayang pagkain, kalayaan mula sa pagkagutom at karapatan sa ligtas at masustansiyang pagkain;

b. Karapatan sa pananamit;

c. Karapatan sa sapat at abot-kayang pabahay;

d. Karapatan sa pangangalagang medikal at kinakailangang serbisyo publiko;

e. Karapatan sa ligtas na inuming tubig at sanitasyon;

f. Karapatan sa ligtas, malinis at maunlad na kapaligiran.

29. (1) Bawat tao ay may karapatang magtamasa ng may pinakamataas na pamantayan ng kalusugang pisikal, mental at reproduksiyon, ng pangunahin at abot-kayang serbisyong pangkalusugan at karapatan sa mga pasilidad medikal.

(2) Ang mga Bansang Kaanib ng ASEAN ay lilikha ng isang positibong kapaligiran upang malagpasan ang kahihiyan, katahimikan, pagtatakwil at deskriminasyon sa pagpigil, paggamot, pangangalaga at suporta sa mga taong may nakahahawang sakit, kabilang na ang HIV/AIDS.

30. (1) Bawat tao ay may karapatan sa katiwasayang panlipunan, kabilang ang *social insurance* kung mayroon, na makatutulong sa kanya na makahanap ng paraan para sa isang marangal at disenteng pamumuhay.

(2) Dapat pagkalooban ng tanging pangangalaga, sa loob ng panahong itatakda ng mga batas at patakaran ng bansa, ang mga nanay bago o pagkatapos magsilang. Sa loob ng panahong iyon, ang mga nagtatrabahong nanay ay maaaring lumiban ng may bayad o tumanggap ng sapat na benepisyong dapat ipagkaloob sa kanya.

(3) Ang pagiging ina o pagiging bata ay may karapatan sa tanging pangangalaga at tulong. Bawat bata, lehitimo man o hindi, ay dapat magtamasa ng kaparehong pangangalaga ng lipunan.

31. (1) Bawat tao ay may karapatan sa edukasyon.

(2) Ang edukasyong primarya ay sapilitan at dapat na libre para sa lahat. Ang edukasyong sekundarya sa iba’t ibang anyo nito ay dapat tamasahin ng lahat sa anumang angkop na paraan. Lahat ay maaaring kumuha ng edukasyong teknikal at bokasyonal. Lahat din ay maaaring kumuha ng lalong mataas na edukasyon batay sa merito at kakayahan.

(3) Ang edukasyon ay dapat na nakatuon sa ganap na pag-unlad ng pagkatao at ng dignidad ng isang tao. Dapat na patibayin ng edukasyon ang paggalang sa mga karapatang pantao at mga pangunahing kalayaan sa mga Bansang Kaanib ng ASEAN. Bukod dito, dapat na maging daan ang edukasyon upang ang lahat ng tao ay epektibong makilahok sa kani-kanilang lipunan, magtaguyod ng pagkakaunawaan, paggalang at pagkakaibigan ng lahat ng bansa, mga lahi at relihiyon, at pasiglahin ang mga gawain ng ASEAN para sa pagpapanatili ng kapayapaan.

32. Bawat tao ay may karapatan, bilang indibidwal o bilang kasama ng iba, na malayang makibahagi sa mga gawaing pangkultura, na tamasahin ang sining at mga benepisyo ng siyentipikong kaunlaran at mga resulta nito at makinabang sa pangangalaga ng moral at materyal na interes na bunga ng likhang agham, panitikan o angkop na sining na inakda niya.

33. Ang mga Bansang Kaanib ng ASEAN sa abot ng kanilang kakayahan, ay dapat gumawa ng mga hakbang, sa indibidwal na kapasidad at sa pamamagitan ng tulong at kooperasyong panrehiyon at pandaigdigan, lalo na sa aspektong pang-ekonomiya at teknikal, sa layuning matamo ang ganap na pagkilala sa mga karapatang pangkabuhayan, panlipunan at pangkultura na kinikilala sa Deklarasyong ito.

34. Maaaring pagpasiyahan ng mga Bansang Kaanib ng ASEAN ang hanggahan ng mga karapatang pangkabuhayan at panlipunan ng mga hindi mamamayan ng kanilang bansa na matatagpuan sa Deklarasyong ito, ng may pagsasaalang-alang sa mga karapatang pantao at sa organisasyon at yaman ng kani-kanilang ekonomiyang pambansa.

KARAPATAN SA KAUNLARAN

35. Ang karapatan sa kaunlaran ay isang likas na karapatang pantao sa dahilang bawat tao at mga mamamayan ng ASEAN ay may karapatang makilahok sa, magbahagi ng, magtamasa at makinabang nang pantay at tuloy-tuloy sa pangkabuhayan, panlipunan, pangkultura at pampolitikang kaunlaran. Dapat na matamo ang karapatan sa kaunlaran upang matugunan ang mga pangangailangang pangkaunlaran at pangkapaligiran ng mga henerasyon sa kasalukuyan at sa hinaharap. Samantalang ang kaunlaran ang daan at kailangan para magtamasa ng lahat ng karapatang pantao, hindi naman dapat gawing dahilan ang kakulangan ng kaunlaran upang bigyang-katuwiran ang mga paglabag sa mga karapatang pantao na kinikilala sa mundo.

36. Ang mga Bansang Kaanib ng ASEAN ay dapat magpatibay ng mga makabuluhang programang pangkaunlaran na makatao at walang pagkiling sa kasarian para sa layuning maibsan ang kahirapan, lumikha ng mga kaparaanan kabilang ang pangangalaga at pagpapaunlad ng kapaligiran para sa mga mamamayan ng ASEAN upang pare-parehong magtamasa ng lahat ng karapatang pantao na kinikilala sa Deklarasyong ito, at upang hindi gaanong malaki ang agwat sa isa’t isa ng kaunlaran ng mga bansa sa ASEAN.

37. Kinikilala ng mga Bansang Kaanib ng ASEAN na ang pagpapatupad ng karapatan sa kaunlaran ay nangangailangan ng epektibong mga patakaran sa pagpapaunlad sa antas pambansa gayundin ng makatarungang ugnayang pangkabuhayan, pandaigdigang kooperasyon at isang kaaya-ayang pandaigdig na kapaligirang pangkabuhayan. Dapat ituon ng mga Bansang Kaanib ng ASEAN ang maraming aspekto ng karapatan sa kaunlaran sa mahahalagang larang ng pagbubuo ng ASEAN ng mga komunidad at higit pa, at makikipagtulungan sa pandaigdigang

komunidad upang maitaguyod ang pantay at tuloy-tuloy na pag-unlad, makatuwirang mga gawain sa kalakalan at epektibong pandaigdigang kooperasyon.

KARAPATAN SA KAPAYAPAAN

38. Bawat tao at ang mga mamamayan ng ASEAN ay may karapatang magtamasa ng kapayapaan ayon sa mga plano para sa katiwasayan at katatagan, neyutralidad at kalayaang itinakda ng ASEAN upang ganap na kilalanin ang mga kalayaang itinakda sa Deklarasyong ito. Para sa layuning ito, dapat patuloy na pasiglahin ng mga Bansang Kaanib ng ASEAN ang pakikipagkaibigan at kooperasyon para sa pagpapanatili ng kapayapaan, pagkakaisa at katatagan sa rehiyon.

KOOPERASYON SA PAGTATAGUYOD AT PANGANGALAGA NG MGA KARAPATANG PANTAO

39. Ang mga Bansang Kaanib ng ASEAN ay may iisang interes sa at pananagutan sa pagtataguyod at pangangalaga ng mga karapatang pantao at pangunahing mga kalayaan na dapat matamo sa pamamagitan ng kooperasyon sa isa't isa gayundin sa mga kaugnay na pambansa, panrehiyon at pandaigdigang institusyon/organisasyon, alinsunod sa Karta ng ASEAN.

40. Walang nakasaad sa Deklarasyong ito na nagpapahiwatig ng anumang karapatan ng alinmang Bansa, pangkat o tao na gumawa ng anumang pagkilos na naglalayong magpahina sa mga layunin at mga simulain ng ASEAN, o sa pagkawasak ng alinman sa mga karapatan at pangunahing kalayaang itinakda sa Deklarasyong ito at mga kasulatan tungkol sa mga karapatang pantao na kinasasapian ng mga Bansang Kaanib ng ASEAN.

Pinagtibay ng mga Pinuno ng Bansa/Pamahalaan ng Mga Bansang Kaanib ng ASEAN sa Phnom Penh, Cambodia, ngayong Ikalabingwalo ng Nobyembre sa Taong Dalawang Libo Labindalawa, sa iisang orihinal na kopya sa Wikang Ingles.